Saint John School

San Juan, San Ildefonso, Bulacan

**UNANG LAGUMANG PAGSUSULIT SA EPP IV**

**UNANG KUWARTER**

**Pangalan:** ______________________________________________ **Iskor:** ________________

**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 4 -** ______________

## I. Isulat ang tamang sagot sa patlang. ( 2puntos)

_________________1. Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo.

_________________2. Ito ay tumutukoy sa negosyo ng isang entrepreneur. Ito rin ay bunga ng entrepreneurship.

_________________3. Ito naman ang tawag sa taong nagsasaayos at nangangasiwa sa isang negosyo.

_________________4. Sino ang may-ari ng SM o supermarket?

_________________5. Ito ay isang entrepreneur na may kakayahang maglabas ng mga bagong ideya, maging ito man ay sa mga bagong produkto o serbisyong lilikhain o sa mga bagong paraan kung paano ito gagamitin.

________________6. Ito ay isang entrepreneur ay may kakayahang mag-isip, magsaliksik, at magsuri ng bawat aspekto ng kanyang negosyo, mula sa pagpapalago nito, hanggang sa pananalapi, paglikha, at pagsasapamilihan ng mga produkto.

________________7. Ito ay may kakayahang iakma ang kanyang sarili at ang kanyang produkto o serbisyo ayon sa hinihingi ng panahon o pagkakataon.

________________8. Ito ay isang entrepreneur na magkaroon ng sapat na tiwala sa sarili. Maging positibo at laging isaisip na ang kanyang produkto o serbisyo ay bibilhin at tatangkilikin ng pamayan.

________________9. Ito ay dapat na may pagkukusa. Siya ang magsisimula sa pagtuklas ng kalakal o serbisyong kailangan ng mga tao sa kanyang pamayanan o naiaangkop sa isang lugar o pook.

________________10. Ito ay isang entrepreneur na siyang gumagawa o yumayari ng produkto. Ang pagyari ng iba't-ibang uri ng damit, laruan, tsinelas, sapatos, accessories, at processed foods ay ilan lamang sa mga halimbawa.

__________________11. Ito ay tumutukoy sa teknolohiyang mayroong daan (access) sa napakaraming impormasyon sa pamamagitan ng telecommunications. Kasama sa ict ang internet, wireless networks, cellphones, at iba pang kasangkapang gamit sa komunikasyon.

___________________12. Ito ay isang sistema ng magkakabit ng mga dokumento na makukuha sa Internet. Maaaring makita sa web browser ang mga salita, larawan, at mga tugtog sa tulong ng mga hyperlink. Ito ay ginawa ni Tim Berners-Lee at Robert Cailliau.

___________________13. Ito ay isang client software na ginagamit upang humiling, kumuha at ipakita ang mga dokumento sa World Wide Web server. Ang ginagamit na protocol ng web browser at server upang mag-usap ay HTTP.

___________________14. Ito ay anumang uri ng software na idinisenyo upang manira ng computer. Ang malware ay maaaring magnakaw ng sensitibong impormasyon mula sa iyong computer, unti-unting magpabagal sa iyong computer o magpadala ng mga pekeng email mula sa iyong email account nang hindi mo nalalaman.

___________________15. Ito ay mga aparatong pang-musika na ginagamit pampalakas ng tunog ng mga kasangkapang lumilikha ng tugtugin. Ikinakabit rin ang mga aparatong ito sa mga kompyuter.

II. **Isulat ang TAMA kung ang pahayag ay tama at MALI naman kung hindi.**

_________________16. Ang entrepreneurship ay nakalilikha ng hanapbuhay.

_________________17. Nakatutulong sa paglago ng ekonomiya ang entrepreneurship.

_________________18. Hindi hinihimok ng pamahalaan ang pagtatayo ng maliliit na negosyo sapagkat mahirap magsimula ito.

_________________19. Lumalawak ba ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng Internet?

_________________20. Ang paggamit ng Internet ay nakakatulong sa mga tao.

_________________21. Ang e-mail ay ang isang maikling tawag sa electronic mail.

_________________22. Ang ibig sabihin ng www ay World Wide Web.

_________________23. Ang E-commerce ay produkto o serbisyo na direktang binibili at ipinagbibili sa pamamagitan ng websites.

_________________24. Mahalaga ang entrepreneurship sa pag-unlad ng bansa.

_________________25. Ang entrepreneurship ay tumutukoy lamang sa pagtuklas ng bagong produkto.

_________________26. Ang kakayahan sa matiyagang pagsasaliksik ay kailangan upang mas mapaunlad ang negosyo.

_________________27. Tamang gayahin ng eksakto ang produktong ginagawa o ibinebenta ng iba.

_________________28. Anuman ang produktong sinimulang gawin ay pang-habambuhay na.

_________________29. Kailangan ng isang nagsisimulang entrepreneur na magkaroon ng tiwala sa sarili upang makapagpatuloy.

_________________30. Ang isang entrepreneur ay tao na nagtatayo ng isang negosyo upang lumago ang ekonomiya.

## III. Isulat kung ano ang tinutukoy. Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa talaan.

____________31. Ginagamit ito upang itago at muling buksan ang files.

____________32. Titulo o pamagat ng iyong file.

____________33. Mahalagang tool sa pagsasaliksik at pangangalap ng impormasyon.

____________34. Ginagamit upang makabisita sa iba't-ibang websites.

____________35. Isang software system na nakadisenyo upang mangalap ng impormasyon.

____________36. Tumutukoy sa isang set ng magkakaugnay na web pages na may isang web domain.

____________37. Dito ipinopost ang mga bagay na ibinebenta at ipinakikilala online.

____________38. Dito lumalabas ang mga resulta ng mga pagsasaliksik.

a. Advertising networks
b. World Wide Web
c. Browser
d. Search Box
e. Kompyuter at Internet

f. Computer File System
g. Search Engine
h. File Name
i. SERP's
j. Websites

**IV. Ibigay ang kahulugan o ibig sabihin ng bawat letra. Isulat ang tamang sagot sa patlang.**

39. WWW - ____________________________________________

40. SERP's - ____________________________________________

41. HTML - ____________________________________________

42. HTTP - ____________________________________________

43. E-MAIL - ____________________________________________

**V. Ibigay ang limang (5) bahagi ng kompyuter.**

44.

45.

46.

47.

48.

**Ibigay ang limang (5) uri ng malware.**

49.

50.

51.

52.

53.

**Magbigay ng dalawang (2) social networking sites.**

54.

55.